Sangguniang Panglungsod

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 97-04**

**KAUTUSAN NA INAAPRUBAHAN ANG REKLASIPIKASYON NG LUPA NA PAG-AARI NG ALABANG NEW LIFE CHRISTIAN CENTER NA MATATAGPUAN SA DON MANOLO BOULEVARD (MALAPIT SA ALABANG HILLS SUBDIVISION), CUPANG, LUNGSOD NG MUNTINLUPA MULA R-1 PARA MAGING INSTITUTIONAL**

*************************************************************************************

Ipinanukala nina :

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
**KGG. MELCHOR R. TEVES**
**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
**KGG. REY E. BULAY**
**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**KGG. VICENTE Y. CHUA**
**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**

*************************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Republic **act 7160** partikular ang Seksiyon **458 (2) (viii)**, ang Sangguniang Panglungsod ay may kapangyarihang mag-reklasipika ng mga lupaing nasasaklaw ng kanyang pamamahala;

**SAPAGKAT,** hinihiling ng aplikante, ang **Alabang New Life Christian Center,** na ire-klasipika ang lupang pag-aari nito na matatagpuan sa Don Manolo Boulevard **(TCT- No. 202791,** malapit sa Alabang Hills), Cupang , Lungsod ng Muntinlupa mula **R-1** patungong **"Institutional";**

**SAPAGKAT,** ang nasabing lupain ay hindi sakop ng **Alabang Hills Village** kaya't hindi rin ito napapailalim sa **Alabang Hills Village Homeowners Association** o anumang homeowners association;

**SAPAGKAT,** ang nasabing lupain ay kasalukuyang tinatayuan na ng isang **simbahan** ng Alabang New Life Christian Center;

**SAPAGKAT,** ang pagtatayo ng simbahan ay isa sa mga pangunahing gamit na pinapayagan sa isang lugar na residensiyal (R-1);

**SAPAGKAT,** ang pagrereklasipika ng lupang ito mula R-1 patungong "Institutional" ay hindi makakaapekto sa **"residential character"** ng naturang lugar;

**SAPAGKAT,** ang bagay na ito ay dumaan sa dalawang (2) ulit na Pampublikong Pagdinig na dinaluhan ng kinatawan ng Alabang Hills Village Association, Barangay Cupang, Tanggapan ng Inhinyeriya, Tanggapan ng Tagatasa, Tanggapan ng Pagpapalano at ng New Life Christian Center;

**SAPAGKAT,** ang mga dokumentong isinumite ng nasabing aplikante ay umaayon sa hinihingi ng batas upang ang aplikasyon ay mapagtibay ng Sangguniang Panglungsod;

**SAPAGKAT,** matapos ang masusing pag-aaral sa mga dokumentong isinumite at dahil na rin sa rekomendasyon ng **Tanggapan ng Pagpapalano** ay nararapat na pagtibayin ang nasabing **reklasipikasyon;**

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na pagtibayin ang reklasipikasyon ng lupa na pag-aari ng Alabang New Life Christian Center na matatagpuan sa Don Manolo Boulevard (malapit sa Alabang Hills) Cupang, Lungsod ng Muntinlupa mula R-1 patungong "Institutional".

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI,** na anumang di-tunay na impormasyon ukol sa materyal na representasyon na nakasaad sa dokumentong isinumite ay nangangahulugan ng pagkansela ng inaprubahan na reklasipikasyon.

**PINAGTIBAY** ng **Sangguniang Panglungsod** ng **Muntinlupa** ngayong **ika-24** ng **Marso, 1997** sa ginanap na **ika-76** na Regular na Sesyon.

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**LIBAN:**

1. **KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
2. **KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
3. **KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/ Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa:____________________